ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

PAGSUSURI SA MGA REGISTER NG WIKA NG MGA MAGSASAKA NG SILAGO

Metchie C. Cruzada, MAT
Puntana Elementary School, Puntana, Silago, Southern Leyte, Philippines

ABSTRACT
The aim of this research is to ascertain the linguistic registers used by the farmers in Silago, Southern Leyte, Philippines. Developmental research, or development, is the methodology employed. This study has thirty respondents. Languages that were registered were determined using a questionnaire. Based on the analysis of the study, it was discovered that the farmers of Silago, Southern Leyte, Philippines are contains many registered words. There are three categories of registered languages of farmers. Gardening, fishing and animal husbandry. In horticulture, it is categorized into planting rice, vegetables, root crops, bananas, coconuts, corn, sweet potatoes, tools and cooking. The second category is fishing and the livestock category covers food, activities and other items. The register language of farmers has two types of morphemes. They are the non-free morpheme (suffix) and the free morpheme (root word). Words can be classified as simple, compound, and repetitive. There are three speech predominate. The adjective, verb, and noun. The registered language of the farmers has its own distinct linguistic structure. It is recommended that more research be done on the phonological and morphological forms in order to properly characterize the features of the Silago, Southern Leyte, Philippines, language. If the subject is register, teachers should base their instruction on local words like the generated output.
KEYWORDS: *category; free morpheme; gardening structure; independent morpheme; non-free morpheme; word structure*

1.0 RASYONALE NG PAG-AARAL

May kasabihan sa Ingles *"Variety is the spice of life."* Ibig sabihin, ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa wika ay hindi makasasama. Maaari itong tingnan bilang isang proseso ng pag-unlad at pagyabong, isang magandang pangyayari sa pagpapayaman sa wika. Maraming salita ang nagkakaiba-iba ng kahulugan ayon sa larangang pinaggamitan. Natutukoy lamang ang kahulugan nito kung malalaman ang larangang pinaggamitan nito. Nagagamit ito sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng tao; pang-ekonomiya, panrelihiyon, pampulitika, pang-edukasyon at panlipunan. Ang wika'y nawawala at namamatay kung nauubos o umuunti ang minoryang pangkat na gumagamit ng nasabing wika ngunit patuloy naman itong lumalaganap, umuunlad at nagbabago kasabay ng pag-unlad ng mayoryang pangkat na gumagamit nito.

Ang lalawigan ng Timog Leyte ay napapalooban ng iba't ibang uri ng pamumuhay. Ayon sa statistic, 45% sa mga Southern Leyteño ay mga magsasaka. Sa bawat pamumuhay ay may mga rehistradong (register) salita. Ang mananaliksik bilang guro sa wika at bilang pagtugon sa programa ng K to 12 kurikulum na linangin ng mga mag-aaral ang kinagisnan wika kaya itinadhana ang pagtuturo ng Mother Tongue sa pribado at pampublikong paaralan, maging sa adhikain ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organizaton o UNESCO na itampok sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan ang pamanang kultura, naudyok ang mananaliksik na bumuo ng isang pag-aaral na may kaugnayan sa rehistradong wika ng mga magsasaka. Batid ng lahat na ang tao ay gumagawa para mabuhay at sa kanyang paggawa, gamit niya ang *wikang* higit na makatutulong sa kanya upang siya ay lubos na maunawaan tungo sa pagtugon sa kanyang mga pangangailangan. Ang wika ay isang pangangailangan sa pakikipagtalastasan upang ganap na maisakatuparan ang paghahanapbuhay. Gayundin ang paggamit ng wika upang magkaunawaan at mapabilis ang gawain. Isa sa mga varyasyon ng wika ay ang tinatawag na register.

Ang rehistradong (register) wika ay tumutukoy sa mga varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag (Borong at Silawan, 2022). Ang register ay itinuturing na kabilang sa pansamantalang varayti ng wika ay kaugnay sa sitwasyon na ginagamit mode at estilo. Ang varayti ng wika tulad ng register ay isa sa mga kompitensing matatagpuan sa *Alternative Delivery Mode* sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik Tungo sa Wika at Kulturang Pilipino na matatagpuan sa Modyul 3 na nasa unang kwarter.

Ang mananaliksik bilang tagapaghatid ng kaalaman sa mga kabataan, responsibilidad na ituro ang mga kompetinsing nakatalaga sa DepEd. Bilang tugon sa kompetinsing ito at sa ilalim ng adhikain ng UNESCO, nabuo ang pag-aaral na ito. Batid nating lahat na ang Leyteňong binisaja ay may mga katawagang nagkakaiba ang kahulugan depende kung sa anong kontekstong sosyal siya napabilang.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Tulad halimbawa ng salitang *bija.* Ito ay nangangahulugang *naiwan,* sa mga negosyante nangangahulugan itong *mababa ang kalidad* o *pangit,* at sa mga sabungero nangangahulugan itong *dehado* o *kaunti lamang ang pera*. Ganoon din ang salitang *abay.* Ito ay may kahulugang *kasali sa entourage ng kasal*, binigyan din ito ng kahulugan sa iba na *tawagan ng magkaibigan* at binigyan din ito ng kahulugan sa iba na *nakisabay sa pusta ng manok*. Ang mga halimbawang ito ay nagpapakita lamang na may katawagan o wika na may partikular na kahulugan. Ang pahayag na ito ang nakapag-udyok sa mananaliksik na bumuo ng isang pag-aaral tungkol sa pagkilala sa mga rehistradong wika ng mga magsasaka sa piling lugar ng bayan ng Silago.

Nakasaad sa *Endangerd Language Program* ng UNESCO (2014) na kapag nawala ang mga wikang ito, posibleng mawala ang yaman ng kultura at kaalaman ng mga ninuno. Maaari ring makalimutan ang pamana ng mga katutubo dahil sinasabi na ang kultura at wika ay hindi mapaghihiwalay o hindi maaaring paghiwalayin. Kung mangyari mang mawala ang isang wika, ang kultural na espirituwalidad ay maaari ring manganib at maglaho.

Nahikayat din ang mananaliksik na ipagpatuloy ang pag-aaral na ito upang makatulong sa adhikain ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng programa ng UNESCO na itampok sa mga pag-aaral ang kultura at pamana sa loob ng silid-aralan upang buhayin ang mga karanasan ng mga mag-aaral at guro at makapag-ambag sa pagpapanatiling buhay ng pamana na ito para sa kasalukuyan at sa hinaharap na mga henerasyon. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nawa'y ang mga katutubo at hindi katutubong nagsasalita ay makipagtulungan sa lokal na pamahalaan ng Silago upang mapanatili ang wika ng mga magsasaka gayundin ang kultura ng nasabing lugar. Maaaring malinang sa mga bagong henerasyon ngayon ang interes at kagustuhang matutong magsalita at umunawa sa wika ng mga magsasaka lalo na sa elementarya kung saan mayroon silang asignaturang Mother Tongue. Inaasahan din sa pag-aaral na ito na makapagbibigay ng motibasyon at ideya sa lokal na pamahalaan sa bayan ng Silago na gumawa at magpatupad pa ng mga gawain at programang tunay na lilinang sa nasabing wika, hindi lamang para sa mga taal na gumagamit ng nasabing wika kundi maging para sa mga dayuhang piniling permanente ng manatili sa nasabing lugar. Ang pag-aaral ding ito ay makatulong ng malaki sa pagpapabuti, pagpapayabong at pagpapayaman ng wika ng mga magsasaka, sa mga tuntunin ng pagsulong, pangangalaga at pagpapaunlad nito at maging sa aktibong pakikilahok ng mga taga- Silago sa gawaing ito.

Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga register ng wika ng mga magsasaka ng taga-Silago, Southern Leyte.
Sinagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Natukoy ang mga register na salitang ginagamit ng mga magsasaka at kahulugan nito ayon sa:
   1.1 paghahalaman;
   1.2 pangingisda;
   1.3 paghahayupan;
2. Nailahad ang estruktura ng wika sa mga register na salita na ginamit ng mga magsasaka batay sa:
   2.1 uri ng morpema;
   2.2 kayarian ng salita; at
   2.3 bahagi ng pananalita.

2.0 TEORITIKAL-KONSEPTUWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Nakasalig ang pag-aaral na ito sa Halliday's Theory of Language (1974) kung saan binanggit sa pag-aaral ni Almurashi (2016) ang paniniwala ni Halliday na ang rehistro ng wika ay isang variation ayon sa gamit. Ito ay barayti ng wika na nauugnay sa iba't ibang gamit sa magkaibang sitwasyon.



Figura 1: Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

Kaugnay sa teorya ni Halliday (1974) ipinaliwag sa Innate teorya ni Chomksy (1957) na sinipi sa pag-aaral nina Hulin at Na (2014) na inilarawan dito ang isang nilalang na may likas na kakayahang matutuhan ang isang wika. Ang tao ay mayroong isang kaalamang representasyon sa isip nito na siyang magiging katuwang upang maunawaan ang isang bagay at salitang wika na gamit ng sino man. Ang kakayahan sa pagkatuto ng wika ay kasama na mula sa pagkasilang at likas itong umuunlad sa pakikipag-interaksyon ng bata sa kanyang kapaligiran. Ang pananaw na ito ang nagpapahayag na ang wika ay napakaloob at nabibigyang-hugis ng sosyo-kultural na kaligiran kung saan ito nabubuo. Ito ay mabibigyang-kahulugan lamang kapag may interaksiyong nagaganap sa kapaligiran.

Ang teoryang ni Halliday (1973) na binanggit ni Almurashi (2016) sa kanyang pag-aaral ang magsisilibing gabay sa ginawang pag-aaral na ito. Pagkatapos nilikom ang mga datos partikular ang mga register na wika ng mga magsasaka, hangad ng mananaliksik na ang bawat salita sa tiyak na larangang nabanggit ay matutuhan ng mga bata.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang kakayahan sa pagkatuto ng wika ay kasama na mula sa pagkasilang at likas itong umuunlad sa pakikipag-interaskyon ng bata sa kanyang kapaligiran. Ang wika ay may iba't ibang barayti. Ito ay sanhi ng pagkakaiba ng uri ng lipunan na ating ginagalawan, heograpiya, antas ng edukasyon, okupasyon, edad, kasarian at uri ng pangkat etniko na ating kinabibilangan. Dahil sa pagkakaroon ng heterogenous na wika tayo ay nagkaroon ng iba't ibang baryasyon nito, at dito nag-ugat ang mga variety ng wika, ayon sa pagkakaiba ng mga indibidwal. Ipinahiwatig lamang dito na kailangang alagaan ang pag-unlad ng isang wika dahil ayon kina Pantorilla, De Lara, at Ijan (2020) ang pagkatuto ng wika ay bunga ng panggagaya, paulit-ulit na pagsasanay hanggang magkaroon ng sapat na kaalaman sa tamang anyo nito. Samakatuwid hindi maikakaila ang pagkakaroon ng varayti ng wika.

Ang mga register na salita ng mga magsasaka na nakalap ay binigyang kahulugan ng mananaliksik, kinategorya, sinuri ang estruktura nito at isinalin sa wikang Filipino. Mula sa nalikom na salita ay bumuo ang mananaliksik ng isang Glosaryo-Dokumentasyon sa mga Rehistradong Salita ng mga Magsasaka ng Silago na magagamit bilang lundayan sa pagtuturo ng mga guro upang mapahalagahan at maibahagi sa mga mag-aaral ang wika ng mga magsasaka at pamanang kulturang mayroong ang bayan ng Silago.

3.0 METODOLOHIYA

Desinyo ng Pananaliksik

Ang disenyong *developmental* ang pamaraang ginamit upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Sinipi sa pag-aaral nina Cordenete at Macaltao (2020) na ang disenyong pagpapaunlad ay isang disenyo ng pananaliksik na kung saan bumuo ng panibagong produkto na magagamit sa pangangailangan ng kasalukuyang suliranin. Angkop ang disenyong ito upang maipakita ang varayti ng wika ng mga magsasaka ng Silago sa pamamagitan ng nabuong glosaryo-dokumentasyon ng mga rehistradong salita.

Lugar ng Pananaliksik

Ang probinsiya ng *Southern Leyte* ay napabilang sa Rehiyon VIII (Eastern Visayas). Binubuo ng 173,480 *hectares* na may labinwalong (18) bayan at isang lungsod. Isa sa mga maunlad na bayan ng lalawigan ng Southern Leyte ay ang bayan ng Silago. Ang bayang ito ay matatagpuan sa hilagang-silangang bahagi ng probinsya ng Southern Leyte na nakaharap sa karagatang Pasipiko. Matagpuan ang Silago sa 10º31'59.99" hilagang latitude at 125º09'60.00" sa silangang longitude. Ang munisipalidad ng Silago ay isang ikalimang (5) klase ng bayan sa lalawigan ng Katimugang Leyte ng Pilipinas. Sa kasalukuyan, mayroon itong labinlimang (15) barangay.

Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay mga taong may pamumuhay na pagsasaka, ito may paghahalaman, paghahayupan o pangingisda. Mula sa iba't ibang barangay ng Silago ang kinuhang mga kalahok gamit ang *stratified sampling* kung saan mga magsasakang naghahalaman, naghahayupan at pangingisda ang binigyang diin sa pag-aaral na ito sa tulong ng key informant. Pinili ng mananaliksik ng tatlumpung (30) magsasaka. Nakipag-ugnayan din ang mananaliksik sa mga eksperto sa larangan ng agrikultura sa bayan ng Silago, ang lupon ng lokal na mga magsasaka sa departamento ng agrikultura. Tatlong (3) lokal na magsasaka na may malawak na kaalaman sa larangan ng agrikultura upang pagtibayin at bigyang bisa ang katumpakan ng pagpapakahulugan ng mananaliksik, pagkakategorya sa mga nalikom na salita, at maging ang pagtutumbas sa wikang Filipino sa nalikom na mga rehistradong salita ng mga magsasaka. Sumangguni rin ang mananaliksik ng tatlong (3) gurong dalubhasa sa wikang Filipino upang sinuri ang estruktura ng wika. Ang mga eksperto sa larangan ng agrikultura at mga gurong dalubhasa sa wikang Filipino ang siyang nagsilbing ebaluwaytor sa ginawang paglalapat ng kahulugan ng mananaliksik sa nalikom na mga rehistradong salita ng mga magsasaka, pagbibigay ng katumbas na katawagan sa Filipino at ang kaayusan sa estruktura ng wika ayon sa pagkakabuo ng salita partikular sa uri ng morpema, kayarian ng salita at bahagi ng pananalita.

Instrumento ng Pag-aaral

Talatanungan ang instrumentong ginamit para sa pag-aaral na ito. Mga tanong tungkol sa estado ng kanilang pamumuhay, mga proseso at mga paraan ng pagsasaka, mga kagamitang ginamit, at iba pang tanong na may kinalaman sa kanilang pamumuhay. Ang mga salitang nakuha mula sa mga kalahok ang ginamit bilang instrumento sa pag-aaral na ito. Sinipi ang mga salitang nakalap, binigyang kahulugan, ikinategorya at tinumbasan sa wikang Filipino upang mabuo ang glosaryo bilang awtput ng pag-aaral. Sinuri rin ang estruktura ng wika sa mga rehistradong salitang ginamit ng mga magsasaka ng Silago.

Pamamaraan ng Paglikom ng Datos

Pagkatapos naaprubahan ang pag-aaral na ito, humingi agad ng pahintulot ang mananaliksik sa alkalde, at sa mga punong barangay na gawing kalahok ang ilang mga magsasaka sa kanilang lugar. Pagkatapos payagan ang mananaliksik, kumuha ng *key informant* ang mananaliksik para tumulong sa paggabay kung sino ang gawing kalahok. Ipinaliwanag ng mananaliksik sa mga kalahok ang hangarin ng mananaliksik. Ginawa ang interbyu ng mananaliksik sa mga kalahok sa kanilang mga bakanteng oras. Bukod sa *fieldnotes* na ginamit isang *video* at *recorder* din ang ginamit sa panahong ginawa ang pakikipanayam. Ginamit ng mananaliksik ang sariling gawang *open-*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ended questionnaire upang makuha ang mga rehistradong salita ng mga magsasaka. Pagkatapos nalikom ang mga register na wika ng mga magsasaka nilapatan ito ng kahulugan, ikinategorya, isinalin sa wikang Filipino at sinuri ang estruktura nito.

4.0 RESULTA NG PAG-AARAL

Sa kabanatang ito ay inilahad at binigyang kahulugan ang mga rehistradong (register) salita ng mga magsasaka ng Silago, Southern Leyte, Philippines. Sa bahaging ito ang bawat bilang ng suliranin ay may kaakibat na mga paliwanag.

Mga Register na Salitang Ginamit ng mga Magsasaka at ang Kahulugan

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad sa mga nakalap na mga salita ukol sa mga register na salita na ginagamit ng mga magsasaka ng taga-Silago.

Talahanayan 1: Mga Register na Salitang Ginagamit ng mga Magsasaka

Kategorya	Mga Salita	Kahulugan
Paghahalaman		
Palayan		
	awong	Lupang hindi masinagan ng araw dulot ng may maraming kahoy o ilalim ng niyugan
	banika	Uri ng lupa o kinalalagyan kung saan ang putik o lupa ay may mababang antas o lapad.
	baol	Sakahan na walang tubig.
	binutok	Ang bungkos ng binhi na handa ng itanim.
	bus-ok	Matatabang tangkay.
	buswak	Nag-uumpisa ng mamulaklak ang palay.
	gitiban	Bahagi ng tangkay kung saan lumalabas ang bulaklak o bunga ng palay.
	hasuk	Maliliit na butas para sa pagtatanim sa banika.
	hawbo	Lugar na may sobrang dami ng putik kaya't malalim.
	himsog	Halamang may maayos na paglago.
	lug-as	Ang proseso ng pag-ani o pagkuha ng mga buga, prutas o halaman, mula sa taniman.
	lungag	Maliliit na butas para sa pagtatanim sa banika.
	omaw	Lupa na hindi na nilulugaran ng anumang tanim o produksyon sa kasalukuyan dahil hindi produktibo.
	pilapil	Pader na ginagamit sa paghahati-hati ng palayan upang mapanatili ang tamang antas ng tubig sa bawat bahagi ng sakahan.
	pilipit	Ang panahon ng pagtatanim kung saan ang mga bunga ay nagsisimula nang lumitaw at lumaki sa mga sanga nito.
	putngay	Tangkay na sumusuporta sa mga bunga ng palay.
	tipasi	Palay na hindi na nakukuha ang balat.
	uhay	Tangkay ng palay.
	uhot	Mga tuyong sanga o tangkay ng palay na naiiwan matapos ang pag-aani ng palay. Karaniwang ginagamit bilang pataba sa lupa.
	un-un	Butil ng palay na maliit o kunti lang ang laman.
	ursa	Ang halaman ng palay ay nagdudulot ng maraming bunga o butil, na nagreresulta sa isang magandang ani.
Gulay		
Ampalaya	kanat	Tumutukoy sa mga o umuusad na mga halaman na karaniwang umaakyat sa ibang mga estruktura o mga halaman para magkaroon ng suporta at lumago.
	labong	Matatabang tanim.
	lawngun	Batang halaman na itinatanim sa lupa bilang simula ng paglaki at pag-unlad nito.
Batong	awngan	Pinagkapitan ng sitaw.
	palawngonon	Binhi ng sitaw.
	simelya	Pangunahing sangkap sa pagtatanim ng mga halamang gulay, prutas at iba pang pananim sa agrikultura.
Kalabasa	agan-anon	Lupang para sa kalabasa.
	tisok	Paraan ng pagtatanim ng binhi o punla ng kalabasa.
Root crops		
Gabi	labo	Maganda klase sa gabi na masarap kainin.
	namikang	Maganda ang tubo.
	pughad	Magandang klase sa gabi na masarap kainin.
Kamote	bagon	Mahabang bahagi ng halaman ng kamote na nag-uugnay sa mga dahon nito sa pangunahing katawan o ugat ng halaman.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	gamutun	Laman ng kamote na parang may hibla.
	katimpa	Malaki ang bunga ng kamote.
	katuka	Uri ng kamote na may matabang lasa at kulay-berde o pula ang balat at laman.
	manghimuno	Pag-ani ng kamote.
Saging		
	bajud	Malapit ng mahinog.
	bugtok	Tawag sa sakit ng bunga ng saging kaya't hindi maganda ang bunga nito.
	kabaangan	Malapit ng mahinog.
	kigi	Hakbang kung saan inaani ang mga sanga ng abaka upang makakuha ng mga hibla na gagamitin sa paggawa ng iba't ibang produkto.
	paldo	Malalaking bungkos ng hibla.
	tinagak	Maliliit na lubid.
Niyog		
	botbot	Matatagpuan sa loob ng niyog kapag ito ay matanda na, na masarap kainin.
	buwa	Matatagpuan sa loob ng niyog kapag ito ay matanda na, na masarap kainin.
	hagad	Uri ng niyog na mayroon ng tuyo at malutong na laman at mahirap kudkudin dahil hiwalay ang laman nito sa bao.
	hag-oton	Uri ng niyog na mayroon ng tuyo at malutong na laman at mahirap kudkudin dahil hiwalay ang laman nito sa bao.
	resekada	Kopra na lutung-luto kaya bumababa ang bigat ng timbang nito.
	tapahan	Pinaglutuan ng niyog o kopra.
Mais		
	agungal	Pinagdikitan ng laman ng mais.
	lobo	Pagkuha ng laman ng mais mula sa pinagdikitan nito o agungal, pagkuha ng butil sa tangkay.
	lunuson	Isilid muna sa lalagyan ng ilang araw bago lutuin.
	pakaw	Pinagdikitan ng laman ng mais.
Panahon		
	dom	Hindi makita ang buwan.
	huwaw	Yugto ng taon na tumutukoy sa tag-araw, karaniwan mainit ang panahon at mas maraming tag-araw kaysa sa tag-ulan.
	tubas	Panahon ng taon kung saan mayroong kaunti o walang ulan, kaya't karaniwang mainit at tuyo ang klima.
Pagluluto		
	anhuy	Nilulutong malapit ng nasusunog.
	tapa	Pagluto ng niyog.
	turak	Pagluto ng kamote at kamoteng kahoy.
Pangingisda		
	awong	Lalapit ang isda lalo na't gumagamit ng ilaw.
	budlas	Palaisdaan na walang laman.
	bunsod	Pantuluyan o pantrap ng isda.
	bunwag	Mga batang isda na kalalabas lamang mula sa kanilang mga itlog at nasa maagang yugto ng kanilang pag-unlad.
	duas	Lugar o bahagi ng isang teritoryo na diretso o malapit sa sikat ng araw.
	kiti-kiti	Yugto sa buhay ng lamok na bumubuo sa tubig bago sila maging mga lamok.
	pahubas	Pangunahing hakbang sa pangingisda kung saan ang tubig ay tinatanggal mula sa palaisdaan upang mapadali ang pagkuha ng mga isda at iba pang nilalaman ng palaisdaan.
	pamasol	Pangunguha ng isda gamit ang pasol at taga.
	pasol	Gamit sa pangunguha ng isda.
	sarap	Proseso ng panghuhuli sa mga maliliit na isda, insekto, o iba pang mga organism na hindi dapat makapasok sa loob ng palaisdaan gamit ang lambat na gawa sa tela na may napakaliit na butas.
	soog	Mabilis at matindi ang daloy ng tubig sa isang lugar.
	taga	Panghuli ng isda na nasa pasol.
	toy	Nasa mata na ng lambat ang isda.
Paghahayupan		
Pag-aalaga ng hayop at iba pang katawagan		
	anajun anajunun	Inang baboy na ilang beses ng nanganak.
	ihid	Pangalan sa mga biik na pinakamaliit.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	inga	Boses o tunog ng baka.
	inunlan	Isang organong kahugis ng peras na nasa loob ng puson ng babae na naglalaman at nagbibigay ng sustansiya sa umuunlad na namumuong sanggol.
	landay	Tawag sa inang baboy na hindi na manganganak dahil sa katandaan.
	nati	Maliit na kalabaw o bagong anak na kalabaw.
Pagkain ng Hayop		
	lamaw	Tumutukoy sa mga tira-tirang pagkain na naiiwan at iniipon upang ipakain sa mga hayop tulad ng baboy.

Sa mga nakalap na mga rehistradong salita ng mga magsasaka lumalabas na may tatlong kategorya. Ito ay ang paghahalaman, pangingisda at paghahayupan. Ikinategorya ito ng mananaliksik batay sa paggamit ng mga magsasaka sa nakalap na mga register na salita upang mas madali itong maintindihan ng mananaliksik at ng mga babasa ng pananaliksik. Ang pagkakategoryang ito ng mananaliksik ay ipinasuri at ipinawasto sa tatlong (3) eksperto sa larangan ng agrikultura na nagtatrabaho mismo sa departamento ng agrikultura sa bayan ng Silago.



Figura 2: Kategorya ng mga Rehistradong Salita

Sang-ayon sa pagsusuri at pagwawasto ng tatlong eksperto sa larangan ng agrikultura, 75% sa mga salitang nalikom ng mananaliksik ay kabilang sa kategorya ng paghahalaman. Habang 9% naman ang kabilang sa kategoryang pangingisda at ang nalalabing 16% ay mga register na mga salita sa kategoryang paghahayupan. Sa unang (1) kategorya kung saan ito ay ang paghahalaman/pagtatanim, kinakategorya ito ng mananaliksik batay sa pagtatanim ng palay, gulay, root crops, mais, niyog, lamas, mga kagamitan, panahon, sakit sa mga tanim/halaman at mga gawain/trabaho. Sa pangalawang (2) kategorya naman, ay ang pangingisda at sa pangatlo (3) at panghuling kategorya na paghahayupan ay kinategorya naman ng mananaliksik batay sa mga alagang hayop at pagkain.

Ang resultang ipinakita sa Talahanayan 1 na iba't ibang wika o rehistro ng mga wikain sa magsasaka ay nagsisilbing tugon sa programa ng K to 12 kurikulum ang pagpapatupad ng Mother Tongue. Laging ipinaalala sa programa na isa mga layunin ng MTB-MLE ay ang pagtanggkilik ng kinagisnang wika. Ang mga salitang nakatala ay mga kinagisnang wika ng mga taga-Silago partikular sa mga magsasaka. Ang mga salitang ito ay magagamit bilang pagbabatayan o sanggunian sa pagtuturo ng Mother Tongue lalo na sa mga guro ng Silago.

Natuklasan sa resulta na ang mga salitang nangingibabaw ay ang mga salita ng mga magsasaka sa paghahalaman o pagtatanim. Ito ay pinatunayan sa inilahad sa talahanayan na maraming mga salitang nakatala sa kategorya ng paghahalaman/pagtatanim. Nangangahulugan lamang na ang pangunahing pamumuhay ng mga taga-Silago ay ang pagtatanim.

Isa sa mga natuklasan ng mananaliksik na marami sa mga rehistradong salita na tanging ang ama o inang magsasaka lamang ang lubos na nakaunawa sa mga salitang ito. Iilan lamang sa mga mag-aaral na anak ng magsasaka ang lubos na nakaunawa sa mga rehistradong salita. Ito ay napatunayan ng mananaliksik pagkatapos nakalap ang mga katawagan. Ilan sa mga salitang ito ay ginamit ng mananaliksik sa kanyang klase bilang halimbawa sa paksa tungkol sa kayarian ng mga salita. Tulad ng salitang timgas, hagdaw, omaw, namikang, resikada, dugnas, asud, at iba pa. Marami sa mga mag-aaral ay hindi pamilyar sa mga terminong ito. Kahit ang mananaliksik ay naging dayuhan sa ilang mga terminong nakalap.

Pinatunayan lamang na ang bawat pamumuhay ay may kanya-kanyang katangian ng wika na nagbigay pagkakilanlan. Tulad ng mga rehistradong wika sa mga magsasaka, marami sa kanilang mga katawagan na ang mga magsasaka lamang ang nakauunawa. Patunay nito habang ginawa ng mananaliksik ang interbyu sa mga kalahok marami sa kanilang mga terminilohiya na hindi naunawaan ng mananaliksik tulad sa kategorya ng **paghahalaman**, sa **palay** ang *dabong* na nangangahulugang hindi pa handa para sa anihan o pag-aani dahil sa kakulangan ng tamang paglaki, sa **gulay** ang *awngan* na ibig sabihin nito ay pinagkapitan ng sitaw, ang *kahuyun* na kabilang sa paglalarawan ng **root crops na kamoteng-kahoy** na nangangahulugang hindi maganda ang bunga dulot ng sobrang taba ng lupa kaya't may mga ugat-ugat na ito, ang *pagkama* na siyang katawagan sa pag-aayos ng mga niyog bago lutuin, sa **mais** ang *agungal* na ibig sabihin ay ang pinagdikitan ng laman ng mais, ang *dugnas* na napapaloob sa **lamas**, na nangangahulugang patay na ang tanim, wala ng dahon ang luya kung kaya't maaari ng anihin, sa **kagamitan** ay ang *alho/awho* na siyang ginagamit sa pagdurog ng mga sangkap, ang halimbawa sa kategorya ng pag-**ani** na *kigi* na ibig sabihin ay katawagan sa pag-ani sa mga abaka, sa **panahon** ay ang *huwaw* na tumutukoy sa yugto ng taon na tag-araw, ang *anhuy* sa kategoryang **pagluluto** na ibig sabihin ay nilulutong malapit ng masunog, sa kategoryang **gawain/trabaho** ay ang *bukad* na tumutukoy sa pagkuha o pag-ani sa mga hinog na palay at para naman sa kategoryang **sakit sa mga tanim/halaman** ay ang *pijangaw* na tumutukoy sa insektong nakasisira sa tubo ng palay. Samantalang sa kategoryang **pangingisda** naman ay ang *limas/limason* na tumutukoy sa pangunahing hakbang sa pangingisda kung saan ang tubig ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

inaalis mula sa palaisdaan upang mapadali ang pagkuha ng mga isda at iba pang nilalaman ng palaisdaan. At sa kategoryang **paghahayupan** naman ay ang *anajun* na ibig sabihin ay inang baboy na ilang beses ng nanganak at sa kategorya ng paghahayupan naman na **pagkain** ay ang *lamaw* na tumutukoy sa mga tira-tirang pagkain na naiiwan at ipinapakain sa baboy o iba pang alagang hayop. Ilan sa mga katawagang nabanggit ay bago sa pandinig ng mananaliksik. Nagpapahiwatig ito na ang mga terminong ginamit ng mga magsasaka na hindi karaniwang ginamit sa araw-araw na pakikipagtalastasan na ito ang dahilan kung bakit marami sa mga kabataang taga-Silago ay hindi nila alam ang mga kahulugan nito. Kaya naman habang ginagawa ng mananaliksik ang pakikipanayam sa mga piling respondante ng pag-aaral, hindi maiwasang lumabas o gumamit ng ibang katanungan ang mananaliksik bilang pandagdag sa mga inihandang katanungan upang higit na maarok ang kahulugan ng mga nalikom na salita. Halimbawa na lamang rito ay ang ibinigay na salitang *banika* at *hawbo* na tumutukoy sa katangian ng palayan. Dahil sa ito ay bago sa pandinig ng mananaliksik kaya't hindi naiwasan ng mananaliksik na magbigay ng dagdag na katanungang may kaugnayan sa nasabing mga salita. Nagpasintabi ang mananaliksik kung maaari bang ipaliwanag ang mga salitang ito at ang ginawa ng mga kalahok ay gumawa sila ng pangungusap gamit ang salitang *banika* at *hawbo*. Maging sa mga salitang para sa kategoryang pangingisda na *duas*, para sa mananaliksik ito ay nangangahulugang madumi subalit ng hingan ng mananaliksik ang mga respondante ng pagpapakahulugan at halimbawang pangungusap, ito ay tumutukoy sa bahagi ng palaisdaan na mainit. Sa kategorya naman ng paghahayupan, ang halimbawang salita ay ang *turijo* kung saan tinanong muli ng mananaliksik ang kalahok kung anong kahulugan nito, tumutukoy ito sa lalaking kalabaw. Gamit ang open-ended questionnaire na inihanda ng mananaliksik at iba pang mga karagdagang katanungan nalikom ng mananaliksik ang mga register na salita ng mga magsasaka at kahulugan nito.

Sa mga inilahad, ipinakita lamang dito na napakalaki ng ginagampanan ng wika sa pang-araw-araw na buhay ng tao. Dahil nagsisilbi itong batas ng mga tao na bahagi sa pamumuhay nila. Batas dahil kinakailangan gamitin ng mga magsasaka ang tamang terminilohiya para magkaunawaan. Napansin na nagkakaroon ng mga katawagan ang mga magsasaka na maaaring sila lamang ang makaunawa. Sa resultang ipinakita angkop ang pahayag ni Delos Reyes (2017) na nagsabing ang paggamit ng heterogenous na wika ay dahil sa magkakaibang mga indibidwal at grupo na may magkakaibang katawagan. Naniniwala sina Silawan at Borong (2022) na ang isang payak na mga katawagan o terminolohiya ay minsan nagiging dahilan ng hindi pagkakaunawaan dahil sa hindi pagkakaintindihan sa mga katawagang ginamit. Ipinahiwatig lang dito na mahirap unawain ang mga salita hangga't hindi nauunawaan ang mga kahulugan nito. Naniwala ang mananaliksik sa ipinahayag ng mga mananaliksik dahil personal itong narinig sa kanyang mga mag-aaral habang ibinahagi ang ilang mga nakalap na salita. Marami sa mga mag-aaral na iba-iba ang pagbibigay kahulugan tulad halimbawa ng salitang *pagkama* na nangangahulugan nang paghanda/pagsasaayos ng mga niyog bago lutuin. May ilang mga mag-aaral ang nagbigay kahulugan na ito ay *higaan*, ang iba naman ay nagsabing *pagdidikit ng husto sa mga paa sa lupa habang ito ay naglalakad sa isang maputik na lugar para hindi madulas.* Napansin na pawang mali ang kanilang ibinigay na kahulugan dahil iba ang kanilang pagkaunawa sa halimbawang salitang ibinigay ng mananaliksik.

Tinanong ng mananaliksik sa kanyang mga mag-aaral ang tungkol sa mga salitang ibinigay o nalikom mula sa pakikipanayam sa mga piling magsasaka ng Silago. Marami ang nagsabing ang mga salitang nakatala ay hindi komon at bago sa kanilang pandinig. Ang pahayag ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa tanong nina Tobesa, Andes, Castro, Del Rosario, at Mendoza (2019) na nagsabing sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa iba't ibang uri ng tao sa lipunan may tumalima ba sa inyong isip kung bakit ito ang tawag ng isang bagay, trabaho, kagamitan, at iba pang katawagan? Idinagdag pa nila na ang pagsasaka ay isang propesyon na tila hindi nabibigyang ng tamang dangal kasabay rin nito ang pagwawalang bahala sa mga rehistro ng wika. Ang pahayag ni Tobesa, Andes, Castro, Del Rosario, at Mendoza (2019) ay sinuportahan nina Torilla, De Lara, at Ijan (2020) na nagsabing ang dahilan kung bakit marami sa mga kabataan ang walang pagmamalasakit sa mga register na wika lalo na sa magsasaka dahil iba ang mundong kanilang ginagalawan. Ito ay sinuportahan ni Camar (2020) na hindi masisisi kung bakit marami sa mga kabataang Pilipino ang walang pakialam sa mga wika ng mga mangingisda at magsasaka sapagkat iba ang kanilang lipunang ginagalawan at maaaring ang mga salitang ito ay walang kabuluhan para sa kanila. Naniniwala naman ang mananaliksik sa pahayag ni Camar (2020) dahil iba ang kinagigiliwang wika ng mga kabataan ngayon na nagbibigay sa kanila ng kawilihan. Mga wikang Gen Z ang nakatatak sa isipan ng mga kabataan sa kasalukuyan.

Sa mga salita na naitala, nagpapahiwatig ito na may mga katawagan o terminolohiya na register lamang sa mga magsasaka. Ibig sabihin may mga salitang nakaugat sa tao batay sa kanyang kinabibilangan. Ang mga salitang makikita sa talahanayan ay isang malaking tulong sa kaalaman ng mga mag-aaral dahil karaniwan sa mga mag-aaral ng Silago ay pagsasaka o magsasaka ang kanilang mga magulang. Pero marami sa kanila ay hindi alam ang mga register na salitang ito. Napagtanto ng mananaliksik na hindi maipagkaila kung bakit ang register na salita ay itinuring na mahalagang alamin bilang barayti ng wika. Ipinakita rito na ang wika ng magsasaka ay tulad ng ibang wika na may kakaibang katangian.

Estruktura ng Wika sa mga Register na Salita na Ginamit ng mga Magsasaka

Sa bahaging ito inilahad ang estruktura ng mga register na wika na nakalap na ginamit mula sa mga magsasaka. Inilarawan sa Talahanayan 2 ang uri ng mga morpema, kayarian ng salita at bahagi ng pananalita napabilang ang mga salitang nakalap.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Batay sa isinagawang pagsusuri ng tatlong (3) gurong dalubhasa sa wikang Filipino na siyang sinangguni ng mananaliksik upang tasahin ang estruktura ng wika ng mga register na salita ng mga magsasaka na nalikom, sa bahaging ito kinilala ng mananaliksik ang uri ng morpema, kayarian ng salita at bahagi ng pananalita sa mga nakalap na register na wika ng mga magsasaka. Mula sa mga register na salitang nalikom, pumili ang mananaliksik ng ilang salitang siyang pinagbatayan sa ginawang pagsusuri ng tatlong gurong dalubhasa sa wikang Filipino. Malinaw na ipinakita sa Talahanayan 2 na ang mga register na wika ng magsasaka ay may mga salita na napabilang sa malayang morpema (salitang-ugat).

Talahanayan 2: Estruktura ng Wika sa mga Register na Salita na Ginamit ng mga Magsasaka Ayon sa Paghahalaman, Pangingisda at Paghahayupan

Register na wika ng mga Magsasaka	Uri ng Morpema		Kayarian ng Salita	Bahagi ng Pananalita
	Malayang Morpema (Salitang-ugat)	Non-Independent morpheme (Paglalapi)		
Paghahalaman				
anhuy	anhuy	-	payak	pang-uri
bakat	bakat	-	payak	pangngalan
bakbak	bakbak	-	payak	pang-uri
banika	banika	-	payak	pang-uri
basakan	basak	- an	maylapi	pangngalan
pagbukad	bukad	-pag	maylapi	panganlan
butok-butok	butok	-	inuulit	pang-uri
gamutun	gamot	- un	maylapi	pang-uri
gantangan	gantang	-an	maylapi	pangngalan
giok	giok	-	payak	pandiwa
gitiban	gitib	-an	maylapi	pandiwa
giukon	giuk	- on	maylapi	pandiwa
libon	libon	-	payak	pang-uri
limbahon	limbahon	-	payak	pang-uri
lindog	lindog	-	payak	pangngalan
linghud	linghud	-	payak	pang-uri
lingtunganay	lingtunganay	-	payak	pang-uri
manghimuno	himuno	mang-	maylapi	pandiwa
manuba	tuba	ma-	maylapi	pandiwa
pagkama	kama	pag-	maylapi	pangngalan
pahoy-pahoy	pahoy	-	payak	pangngalan
paldo	paldo	-	payak	pangngalan
pijangaw	pijangaw	-	payak	pangngalan
pughad	pughad	-	payak	pang-uri
sabsab	sabsab	-	payak	pandiwa
sapsap	sapsap	-	payak	pandiwa
tagod	tagod	-	payak	pangngalan
taguran	tagud	-an	maylapi	pangngalan
tahop	tahop	-	payak	pangngalan
tahupon	tahop	-on	maylapi	pang-uri
tamhung	tamhung	-	payak	pang-uri
taphanan	taphan	- an	maylapi	pang-uri
undanon	unod/unon	-an-	maylapi	pang-uri
budlas	budlas	-	payak	pang-uri
bunwag	bunwag	-	payak	pangngalan
duas	duas	-	payak	pang-uri
kiti-kiti	kiti-kiti	-	payak	pangngalan
*limas	limas	-	payak	pang-uri

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*limasun	limas	-un	maylapi	pandiwa
*lutaw	lutaw	-	payak	pang-uri
*palutaw	lutaw	pa-	maylapi	pangngalan
pahubas	hubas	pa-	maylapi	pang-uri
sarap	sarap	-	payak	pangalan
*anajun/anayun	anay	- un	maylapi	pang-uri/pangngalan
*anajunun	anay	-un, un	maylapi	pang-uri
buyugun	buyug	-un	maylapi	pang-uri
halhal	halhal	-	payak	pang-uri
inunlan	inunlan	-	payak	pangngalan
nati	nati	-	payak	pangngalan
toro	toro	-	payak	pangngalan

Makikita sa talahanayan na ang wika ng mga magsasaka ay nahahati sa **malayang morpema** na tinatawag na ***salitang-ugat*** at ***di-malayang morpema*** o ***paglalapi***. May mga salitang maaring bigkasing mag-isa at di laging nakadikit sa iba pang morpema. May mga morpema ring tinatawag na di-malaya dahil laging nakakabit sa ibang morpema. Tinatawag na 'affix' o panlapi ang mga morpemang nakakabit sa malayang morpema.



Pigura 3: Kayarian ng Salita

Nakikitaan na tatlong **kayarian ng salita** ang mga nakalap na salita. Ito ay ang ***payak, maylapi*** at ***inuulit***. Mula sa piling register na salita ng mga magsasaka na siyang pinasuri ng mananaliksik sa mga gurong dalubhasa sa wikang Filipino, napag-alamang marami sa mga salitang ito ay payak na may bilang na pitumpu't apat (44) na salita mula sa pinagsamang tatlong kategorya, ang paghahalaman, pagngingisda at paghahayupan, sumunod ang maylapi, kung saan dalawampu't tatlong (23) salita sa mga ito ay ginagamitan ng panlapi, at ang panghuli ay ang salitang inuulit, kung saan dalawa (2) lamang sa mga piling salita ang inuulit sa ilalim ng kategorya ng paghahalaman.

Pangngalan, pandiwa at pang-uri naman ang nangingibabaw na bahagi na pananalitang kinabibilangan ng mga salitang nakalap. Kabilang sa bahagi ng pananalita na pang-uri ang tatlumpu't isa (31) na mga salitang sinuri ng mga gurong dalubhasa sa wikang Filipino mula pa rin sa tatlong kategorya gamit ang mga salitang makikita sa talahanayan, sumunod ang pangngalan bilang bahagi ng pananalita na mayroong bilang na dalawampu't pito (27), labing-isa (11) naman sa mga piling salita na ito ay pandiwa.

Napag-alamang mayroong mga salita na iba man ang katawagang ginamit ng mga magsasaka sa pakikipagtalastasan, pareho naman ang salitang-ugat nito. Subalit kahit na pareho ang salitang ugat na matatagpuan sa dalawa o tatlong register na salita ng magsasaka, kakikitaan pa rin ito ng pagbabago na nagreresulta sa pagbabagong kahulugan at gamit nito. Maging ang bahagi ng pananalita nito ay nababago, nangangahulugang naiiba ang gamit ng nasabing salita kapag ginamit sa pangungusap.

Halimbawa na lamang dito ay ang salitang *anajun/anayun* at *anajunun*. Malinaw na ipinakita sa talahanayan ang salitang *anajun/anayun* at *anajunun* na naiiba ang anyo sa bahagi ng pananalita at kahulugan kapag ginamit sa pangungusap dahil sa impluwensiya ng panlapi. Ang register na salitang ito ng mga magsasaka ay binubuo ng malayang morpema (salitang-ugat) na *anay* at di-malayang morpema (paglalapi) na *-un*. Sa salitang *anajun/anayun*, ang panlaping *-un* ay napabilang sa panlaping makangalan dahil naging pangngalan ang salitang *anajun* kapag ginamit sa pangungusap. Halimbawa, hinanda namin ang aming *anajun* para sa susunod nitong panganganak. Para naman sa salitang *anajunun*, na binubuo pa rin ng katulad na malayang morpema (salitang-ugat) na *anay* at panlaping *-un* na kabilang sa panlaping maka-uri dahil ang salitang *anajunun* ay nagiging pang-uri kapag ginamit sa pangungusap. Halimbawa, nagtira si Mang Jerome ng isang biik para gawing *anajunun*. Dagdag pang halimbawa na nagpapakita ng pagbabago sa bahagi ng pananalita at kahulugan nito sa pangungusap ay ang mga salitang *lutaw* at *palutaw* na parehong mayroong malayang morpema



Pigura 4: Bahagi ng Pananalita

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

(salitang-ugat) na *lutaw*. Ang salitang lutaw na purong malayang morpema (salitang-ugat) ay kabilang sa panlaping makauri sapagkat ito ay naglalarawan sa mga pagkaing ibinibigay sa palaisdaan. Halimbawang pangungusap ay, *lutaw* ang karamihan sa mga pagkaing ibinigay nila. Samantalang ang register na salitang *palutaw* na may malayang morpema (salitang-ugat) na lutaw at di-malayang morpema (paglalapi) na *pa-* ay kabilang sa panlaping makangalan sapagkat ang tungkulin nito sa pangungusap ay nagiging paksa. Halimabaw, marami sa mga pagkaing ibinigay nila ay *palutaw*

Ang register na salita ng mga magsasaka na may salitang-ugat na mukad/bukad ay nag-iiba ang anyo sa bahagi ng pananalita dahil sa di-malayang morpemang ginamit. Naging pandiwa ang salitang *mamukad* dahil sa paggamit ng panlaping *ma-*. Halimbawa, marami ang sumama sa bukid upang tumulong *mamukad* ng kamoteng-kahoy. Ang salitang *pagbukad* ay pangngalan dahil sa panlaping *pag-* na nangangahulugang nag-umpisa ng mamunga ang palay. Halimbawa, ang *pagbukad* ay karaniwan nangyayari sa ikatlong buwan matapos itanim. Habang ang salitang *bukarunun* ay naging pang-uri dahil ikinabit ang salitang ugat na *bukad* sa di-malayang morpema na *-unun.* Ang *bukarunun* ay nangangahulugang pagkuha. Pero dahil sa ito ay ikinabit sa di-malayang morpema na *-unun* kaya ang kahulugan nito kapag ginamit sa pangungusap ay nababago. Halimbawa, ang mga pinatuyong palay ay *bukarunon* na. Malinaw na ipinahayag na ang di-malayang morpema ay hindi lamang nakapagbabago sa bahagi ng pananalita sapagkat may malaki rin itong ginagampanan sa pagbabago ng kahulugan ng salita. Tulad halimbawa ng salitang *mamukad* na nangangahulugan sa English “to harvest”, ang *pagbukad* sa English na “sprout” at ang *bukarunun* na nangangahulugan naman sa English na “to get”.

Natuklasan na ang panlaping *pag-* at *-an* ay mga panlaping makangalan. Masasabing magkaiba ang tuntunin sa paggamit ng panlapi sa bernakular na katawagan at sa Filipino. Ito ay pinatunayan sa resultang ito. Ayon kay Borong (2019), ang panlaping *ma* ay panlaping makauri. Dahil ito ay nangangahulugan o nagsasaad ng pagkakaroon ng isinasaad ng salitang-ugat. Sa halimbawang ipinakita sa talahanayan ang panlaping *ma-* ay mga panlaping makadiwa dahil ito ay nangangahulugan na *himuun/gihimu* (gagawin pa o ginawa na). At ang panlaping *-un* ay panlaping makauri. Natuklasan na ang panlaping *-un* ay maging pandiwa depende sa paggamit sa diin o bigkas at sa paggamit ng pangungusap. Tulad halimbawa ng pangungusap na ito. *Giukon pa ang nakapundong humay.* Ang salitang *giukon* ay may dalawang kahulugan at dalawang paraan ng pagbigkas. Ang unang kahulugan ay naglalarawan na may laman o may butil pa ng palay ang mga nakatapok na humay. Ang giukon sa pangungusap na ito ay nasa pang-uri, kung saan ang pagbigkas ng salita ay /gi:u.kon/ kung saan ang diin ay nasa ponemang *gi*. Ang pangalawang kahulugan ay gagawin ang pagkuha ng mga butil ng palay gamit ang mga paa at ang pagbigkas nito ay /gi.u:kon/ kung saan ang diin ay nasa ponemang *u*.

Ang panlaping makangalan ay mga panlaping ikinakabit sa salitang-ugat upang makabuo ng pangngalan. Samantala ang panlaping makadiwa ay mga panlaping ikinakabit sa salitang-ugat upang mabuo ang pandiwa. Ito ay idinadagdag sa unahan, gitna o hulihan ng salita. Ang mga halimbawa nito ay um, ma, na, han, hin, in, mag, an, pag, isa, am. Ang panlaping makauri naman ay mga panlaping ikakabit sa salitang-ugat upang makabuo ng mga pang-uri. Ginagamit ito sa paglalarawan na nangangahulugan ng pagkamayroon.

Sa aklat nina Amat, Balunsay, Calibayan, Borong, et al., (2023), ipinaliwanag na ang panlaping makangalan ay mga panlaping ikinabit sa malayang morpema at ito ay ginagamit sa pagbuo ng salita upang maging pangngalan. Ang panlaping pag-, ka-, -an, han-, pag-, mag-, hin-, -in at ka-. Natuklasan sa pag-aaral na ito ay na ang panlaping *pag-* at *-an* kapag ikinabit sa salitang-ugat ay naging pangngalan. Mapapansin na ang panlaping *pag-* at *-an* ay panlaping makangalan din sa Filipino.

Ang mga register na salita ay hindi na maaring baguhin dahil ito ang nagpapatatak sa kanilang propesyon. Habang isinagawa ang pananaliksik na ito sinubukan ng mananaliksik na tanungin ang mga kabataan na anak ng mga magsasaka ang mga katawagan. Marami sa mga mag-aaral ay naging matumal ang kanilang mga kasagutan dahil kasabay sa pag-usad ng buhay ng mga modernong wika ay hindi pinahahalagahan ng mga kabataan ang katawagan ng kanilang mga magulang.

Ayon ni Nato (2017) ang mga register na wika sa isang partikular na trabaho ay umuusbong o mapanatili kung maraming magmamalasakit sa mga wikang ito. Ang pag-aaral ng mga rehistradong wika ay maituturing na pagpapausbong sa mga paksang pangwika sa kadahilanang pumapaloob ito sa konteksto ng lokalisasyon kung saan nabibigyang-puwang ang kalahalagahan ng mga lokal na wika. Mababatid na ang mga wikain ng mga magsasaka ay maituturing na pekulyar para sa mga bagong henerasyon. Isa ito sa mga napapanahon pag-aaral na makatutulong sa kadalasang suliranin sa pagtuturo ng Mother Tongue. Nangangahulugan lamang na ang mga nakatalang resulta sa bawat talahanayan ay makabuluhan lalo na sa mga guro at mga mag-aaral dahil ang register na wika ay isa sa mga paksang binigyang diin sa hayskul.

Sa kabuuan, mapapansin na may mga panlapi sa wika ng Silago na makangalan, makadiwa at makauri na hindi naman panlaping makangalan, makadiwa at makauri sa Filipino. Ito ay nagpapahiwatig lamang na ang bawat katawagan o wikang ginamit ng isang partikular na mamamayan ay may kanya-kanyang katangian. Ito ay pinatunayan sa resultang ito na magkataliwas ang tuntunin sa ginagampanan ng panlapi sa pagkakabit sa salitang-ugat sa Filipino at sa register na wika ng mga magsasaka sa Silago.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

5.0 KONKLUSYON AT RECOMENDASYON

Sadyang napakarami ng barayti ng wika na umusbong at ginagamit ng bawat indibidwal sa bawat komunidad. May mga permanenteng wika, may kusa namang nawawala sa sirkulasyon sa pagdaan ng panahon. Magkakaiba man, ang mahalaga ay ang dulot nitong pinagbuting grupo ng isang partikular na gumagamit nito. Ang register na wika ng mga magsasaka ay may kanya-kanyang barayti na kung saan may kakaibang katangian sa estruktura ng wika. Patunay rito ay ang mga register na salita ng mga magsasaka na nababago ang bahagi ng pananalita dahil sa impluwensiya ng panlapi kaya naman nababago rin ang gamit nito sa pangungusap. Bunga sa isinagawang pag-aaral ay inirerekomenda ng mananaliksik na magkakaroon ng ibayong pag-aaral na nakatuon sa pagsusuri sa anyong ponolohikal at morpolohikal upang mas mailalarawan ang katangian ng wika ng Silago, Timogang Leyte, Philippines at pag-aaralan din ang mga register na wika sa ibang parte ng Timogang Leyte upang maihambing din ang mga wika na kanilang ginagamit.

6.0 MGA SANGGUNIAN

1. *Almurashi, W. A. (2016). An introduction to Halliday's systemic functional linguistics. Journal for the study of English Linguistics, 4(1), 70-80.*
2. *Amat. B., Balunsay, J., Calibayan, M., Borong, N., et al. (2023). Estruktura ng wikang Filipino. St. Andrew Publishing House, Quezon City.*
3. *Borong, N. (2019). Morphological variations of the dialects in Western and Southern Leyte. Journal of Educational and Human Resource Development (JEHRD), 7, pp. 41-52, https://doi.org/10.61569/4r8ssg26*
4. *Cordenete, J. at Macaltao, M. (2020). Pagbuo at balidasyon ng interaktibong modyul sa pagtuturo ng Florante at Laura. PSU Multidisciplinary Research Journal, 3(1). https://www.psurj.org/online/index.php/mrj/article/view/139*
5. *Halliday, M. (1974). Language and social man. London: Longman for the schools council. Schools Council Programme in Linguistics and English Teaching, 2 (3).*
6. *Hulin, R. at Na, X. (2014). A study of Chomsky's universal grammar in school language acquisition. International Journal on Studies in English Language and Literature, 2 (12), pp. 1-7.*
7. *Nato, R. (2017). Register bilang varyti ng wika. Nakuha mula sa https://www.slideshare.net/RochelleNato/register-bilang-varayti-ng-wika*
8. *Pantorilla, C., De Lara, M. at Ijan, M. (2020). Ugnayan ng wika at ideolohiya: Ang paglalarawan sa rehistro ng mga magsasaka sa Bulacan. https://www.scribd.com/presentation/451349728/MAGSASAKA-SA-BULACAN*
9. *Silawan, F. at Borong, N. (2022). Register ng wika sa mga mangisda. International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 7(11). http://www.imjst.org/wp-content/uploads/2022/11/IMJSTP29120789.pdf*
10. *Tobesa, D., Andes, S., Castro, M., Del Rosario, K. at Mendoza, A. (2019). Lupera: Isang unti unting pagkawala ng kultura at rehistro ng pagsasaka. Di-nailathalang tesis, Bulacan State University, Malolos, Bulacan*
11. *UNESCO. (2014). Endangered languages. Retrieved from http://www.unesco.org/new/en/culture/themes/endangered-languages*
12. *UNESCO. "Education in a Multilingual World." Unesco.org. 2003. Web. 2 Mayo 2010. http://unesdoc.unesco.org/ images/0012/001297/129728e.pdf*